CREATIVE MINDS Christian Learning School
12 Menandro St., Pamplona 1, Las Pinas City 1740

S.Y. 2022-2023

LAGUMANG PAGSUSULIT 2.2

FILIPINO 5

Pangalan:_______________________________________ Iskor: ______________________

Baitang/Pangkat:______________________________ Guro: Bb. Chriseila B. Aleno

I. Basahin ang maikling Kuwento.

# Ang Alamat ng Damong Makahiya

Noong dakong una Makahiyang kilala, magandang bulaklak bituin ang kapara mga bango yaong kahali-halina, at wala pang tinik iyong mga sanga.

Lagi ng palamuti sa mga pagdiriwang magagandang paso ang pinadtatamnan, mumunting bulaklak ay hinahangaan. Laging napapansin ang magandang halaman. Dahil sa papuri makahiya'y nadala sa gandang taglay. Siya'y nagsuplada ni ayaw timingin sa mga kasama.

Minsan ay umulan, bumagyo, bumaba langgam na maliit umakyat, Makahiya'y nagalit si halaman, langgam pinababa ni hindi dininig ang pagmamakaawa. "Baka ako maputikan bumaba ka langgam, at saka inuga-usa, nahulog sa sanga ang kawawang langgam. Dinala ng agos nalunod, namatay.

Sa masamang asal lahat makikita, di rin nagustuhan ng kanilang diwata upang magtanda damong Makahiya. Inalis ang bango ang ganda't sangahaya. Nilagyan ng tinik ang buong katawan, hindi na mabango bulaklak na taglay din a ginagamit sa mga pagdiriwang. Sa mga kasama napahiyang tunay, sa tabing daan malaking alaala matinik na sanga nitong Makahiya, itong naging ngalan matapos isumpa, pagkat mapasaling di man sinasadya dahoy tumitiklop tila mahihiya.

Sagutan ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang tinutukoy sa alamat?
   ______________________________________________

2. Ito ba ay mabango at kahali-halina?_________________________________________

3. Ano ang nanging sala ni Makahiya kay langgam?______________________________

4. Ano ang nangyari kay langgam?___________________________________________

5. Ano ang ginawang parusa ng diwata kay Makahiya?__________________________________________

LIVEWORKSHEETS

II. Tukuyin kung ang salitang may salungguhit kung tinig ng pandiwa sa pangungusap ay Tukuyan o Balintiyak. Bilugan ang tamang sagot.

| Tukuyan | Balintiyak | |
|---|---|---|
| Tukuyan | Balintiyak | 6. Ang mag-anak ay sabay-sabay na <u>kumain</u> ng almusal. |
| Tukuyan | Balintiyak | 7. Ang mga alagang hayop ay <u>pinakain</u> na ni Dina at Nonoy. |
| Tukuyan | Balintiyak | 8. <u>Ginising</u> ng tatay ang kaniyang anak. |
| Tukuyan | Balintiyak | 9. <u>Umigib</u> ng tubig si Wendel sa balon. |
| Tukuyan | Balintiyak | 10. Ang biko ay <u>niluluto</u> ni Gino. |

III. Tukuyin kung anong pokus ng pandiwa ang sumusunod. Piliin ang sagot sa kahon.

| **Lokatib** | **Aktor** | **Gol** | **Instrumental** | **Kawsatib** | **Benepektib** |
|---|---|---|---|---|---|

______________________11. Ito ang pokus ng pandiwa kapag ang paksa ay siyang tumatanggap ng kilos.

______________________12. Ito ay pokus ng pandiwa kapag ang paksa ay kagamitan o instrumento sa pagkakaganap ng kilos.

______________________13. Ang pokus ng pandiwa ay ang paksa nagsasaad ng sanhi o dahilan ng pagkakaganap ng kilos.

______________________14. Ang pokus ng pandiwa ay nagsasaad ng pook o lugar na pinagganapan ng kilos.

______________________15. Ang pokus ng pandiwa kapag ang paksa aysiyang gumaganap ng kilos ng pandiwa.

IV. Tukuyin ang pokus ng pandiwang may salungguhit.

**( AKTOR, GOL, LOKATIB)**16. <u>Dumalaw</u> si Kiko sa kaibigang nasa hospital.

**( GOL, KAWSATIB, BENEPEKTIB)** 17. Ang pagkapanalo ninyo ay <u>ikinatuwa</u> ko.

**( INSTRUMENTAL,GOL, AKTOR)** 18. <u>Ipinangsulat</u> ni Bb.Manalo ang *marker* sa mga regalo.

**( AKTOR, GOL, LOKATIB)** 19. <u>Pumapasok</u> si Kevin sa paaralan araw-araw.

**( AKTOR, GOL, LOKATIB)** 20. <u>Magtatanghal</u> ang mga mag-aaral sa auditorium.

LIVEWORKSHEETS